PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Mayo 24, 2022
CONTACT: Erin DeMerritt, 415-517-4147

Programa ng Mga Benepisyo sa Nagbibiyahe, tumutulong sa mga empleyadong makahanap ng mas mahusay na paraan ng pagtatrabaho

SAN FRANCISCO – Habang nagpaplano ang mga empleyado sa Bay Area na bumalik sa lugar ng trabaho, hinihikayat ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area at Metropolitan Transportation Commission ang mga negosyo na suriin ang kanilang pagpaparehistro sa Programa ng Mga Benepisyo sa Nagbibiyahe at i-update ito gamit ang mga bagong opsyon sa pagbiyahe.

Bay Area Commuter Benefits Program

Sa Bay Area, hinihiling sa mga kumpanyang may 50 o higit pang full-time na empleyado na magparehistro para sa, at magbigay at magsulong ng, mga benepisyo sa nagbibiyahe sa kanilang mga empleyado.

“Napagtanto ng mga remote worker ang kahalagahan ng oras at pagiging produktibo na nawala noon habang nagmamaneho nang mag-isa papasok ng trabaho,” sabi ni Veronica Eady, ang senior deputy na tagapagpaganap na opisyal ng patakaran at pagkakapantay-pantay sa Distrito ng Hangin. “Makakatulong ang mga flexible na opsyon sa pagbiyahe sa mga employer na makahikayat at makapagpanatili ng mga pinapahalagahang staff, mapabuti ang kalusugan at pagiging produktibo ng empleyado, at mabawasan ang stress, trapiko, at polusyon sa hangin.”

Magagawa ng mga empleyado na suriin ang pagpaparehistro ng kanilang mga benepisyo sa nagbibiyahe at i-update ang mga iniaalok sa pagbiyahe ng kanilang kumpanya kung may mga ginawang pagbabago gaya ng malayuang pagtatrabaho, carpooling, o iba pang opsyon sa pagbiyahe.

Hinihiling sa mga employer na napapailalim sa Programa ng Mga Benepisyo sa Nagbibiyahe na ialok ang isa sa mga sumusunod na opsyon:

- **Benepisyo bago ang buwis**: Pinapayagan ang mga empleyado na huwag isama ang mga gastusin sa transportasyon o vanpool sa kanilang kita na napapatawan ng buwis
- **Subsidiya ng employer**: Nagbibigay ng subsidiya para mabawasan o mabayaran ang mga buwanang gastusin sa transportasyon o vanpool
- **Transportasyon mula sa employer**: Nagbibigay ng libre o murang serbisyo sa transportasyon para sa mga empleyado, gaya ng serbisyo ng bus, shuttle, o vanpool
- **Alternatibong benepisyo**: Nagbibigay ng benepisyo sa nagbibiyahe na mabisa sa pagbabawas ng mga single-occupancy na biyahe sa sasakyan bilang isa sa tatlong opsyon sa itaas
- **Malayuang pagtatrabaho**: Patakaran sa buong kumpanya na nagbibigay-daan sa malayuang pagtatrabaho nang isa o higit pang araw sa isang linggo para magtrabaho ang mga empleyadong may trabahong puwedeng gawin nang malayuan

Ang transportasyon ang pinakamalaking pinagmumulan ng polusyon sa hangin at greenhouse gas sa Bay Area. Ang paggamit ng pampublikong transportasyon, carpooling, pagbibisikleta, paglalakad-lakad, at malayuang pagtatrabaho ay mga sustainable na opsyon na puwedeng aktibong isulong ng mga employer ng Bay Area sa kanilang mga empleyado.

Ang programang *Flex Your Commute* ng Distrito ng Hangin ay nagbibigay ng mensahe at mga link ng impormasyon para mahikayat ang mga empleyado sa sustainable na pagbiyahe. Nakita sa mga pag-aaral na mas handang gumawa ng mga pagbabago sa pagbiyahe ang mga empleyado kapag aktibo silang hinihikayat ng kanilang mga employer. Nagsusulong ang Programa ng Mga Benepisyo sa Nagbibiyahe at Flex Your Commute Program ng mga sustainable na opsyon sa pagbiyahe na walang stress habang nagta-transition ang Bay Area pabalik sa lugar ng trabaho. Makakakita ng higit pang impormasyon sa www.baaqmd.gov/flexyourcommute.

Ang Metropolitan Transportation Commission ay ang ahensya ng Bay Area sa pagpaplano, pagpopondo, at pag-coordinate ng transportasyon.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900
Homepage ng Distrito ng Hangin | *Mga Inilabas na Balita*